Mensahe Anim

## Ang Biyaya ng Diyos at ang Nagpapaloob ng lahat na Espiritu

Babasahin sa Kasulatan: 1 Cor. 15:10; 2 Cor. 1:12, 15, 21-22; 3:3, 6, 8, 17-18; 12:9; 13:14

**I. Sa 2 Corinto, si Kristo bilang biyaya ng Diyos ay ang mabuting lupain upang ating mapasok, maranasan, matamasa, mabahagi, at maangkin—Juan 1:17; 1 Cor. 15:10; cf. Gal. 2:20; 1 Cor. 5:7; 10:3-4; 2 Cor. 13:14:**

A. Unang binanggit ang biyaya ng Panginoon sa 2 Corinto 13:14 dahil ang aklat na ito ay tungkol sa biyaya ni Kristo—1:12; 4:15; 6:1; 8:1, 9; 9:8, 14; 12:9:

1. Ang Espiritu Santo bilang sirkulasyon, ang paghatid, ng biyaya ni Kristo kalakip ang pag-ibig ng Ama ay ang panustos sa ating buhay-Kristiyano at buhay-ekklesia:
   a. Ang buong buhay-ekklesia ay nakasalalay sa 2 Corinto 13:14.
   b. Ang agos ng Dibinong Trinidad sa loob natin gaya ng inihayag sa 2 Corinto 13:14 ay ang ating espiritwal na pulso.
2. Ang pagpapala sa 2 Corinto 13:14 ay kagaya ng nasa Bilang 6:22-27; ito ang walang hanggang pagpapala ng Tres-unong Diyos, na siyang Tres-unong Diyos na namamahagi ng Kanyang sarili sa Kanyang Dibinong Trinidad tungo sa atin para sa ating katamasahan:
   a. Ang “pagpalain ka nawa ni Jehovah at ingatan ka” ay ang pag-ibig ng Diyos Ama bilang bukal ng buhay at liwanag—b. 24; Awit 36:9.
   b. Ang “paliwanagin nawa ni Jehovah ang Kanyang mukha sa iyo at mahabag sa iyo” ay ang biyaya ni Kristo bilang katabaan ng bahay ng Diyos—Bil. 6:25; Awit 36:8.
   c. Ang “ilingap nawa ni Jehovah ang Kanyang mukha sa iyo at bigyan ka ng kapayapaan” ay ang salamuha ng Espiritu Santo bilang ilog ng mga kaluguran ng Diyos—Bil. 6:26; Awit 36:8.

B. Ang biyaya ng Diyos sa Kanyang ekonomiya ay mayaman, dumarami, at sumasagana—Efe. 2:7; 1 Ped. 1:2b; 2 Ped. 1:2; Efe. 1:7b-8:

1. Biniyayaan tayo ng Diyos sa loob ng Minamahal—b. 6.
2. Nakamit natin sa pamamagitan ng pananampalataya ang pagpasok sa biyayang ito kung saan tayo ay nakatayo—Roma 5:2a.
3. Kapag si Kristo sa loob natin ay araw-araw nating tinatanggap, dinaranas, at tinatamasa, iyon ay biyaya na idinaragdag sa atin, biyaya sa biyaya—Juan 1:16.

C. Ang pamumuhay ng mga bagong tipang tagapaghain ay ang pamumuhay ng biyaya, ang pagdaranas ng biyaya—Heb. 12:28; 1 Cor. 15:10; 2 Cor. 1:12, 15:

1. Ang biyaya ng Panginoong Hesu-Kristo, ang Espiritu ng biyaya, ay sumasa ating espiritu, na naisilang na muli upang maging pinaninirahang lugar at sisidlan ng Tres-Unong Diyos—Heb. 10:29b; Gal. 6:18; Fil. 4:23; Filem. 25; 2 Tim. 4:22; cf. 1:6-7.
2. Sa tuwing bumabaling tayo sa ating espiritu, pumapasok tayo sa pinto ng langit at hinihipo ang trono ng biyaya sa langit sa pamamagitan ni Kristo bilang makalangit na hagdan—Heb. 4:16; Gen. 28:12-17; Juan 1:51; Efe. 2:22.

3. Ang biyaya ay nasa lahat ng umiibig sa ating Panginoong Hesu-Kristo sa kawalang-kabulukan—6:24.
4. Inililigtas tayo ng pagpapakumbaba mula sa lahat ng uri ng pagkasira at inaanyayahan ang biyaya ng Diyos—1 Ped. 5:5-6; Sant. 4:6.
5. Kailangan nating tamasahin ang salita ng Kanyang biyaya—Gawa 20:32; Jer. 15:16.
6. Kailangan nating maranasan ang Espiritu ng biyaya at ng pagsamo upang dalhin tayo tungo sa pagtatamasa sa Tres-unong Diyos—Zac. 12:10a.
7. Tinatamasa ng mga bagong tipang tagapaghain si Kristo bilang kanilang sumasapat sa lahat na biyaya sa pamamagitan ng mga pagdurusa:
   a. Ang ministeryo ng bagong tipan ay ibinunga sa pamamagitan ng pahayag at pagdurusa—2 Cor. 12:7; 1:3-4, 8-10.
   b. Si Kristo bilang biyaya ay nagiging kapangyarihang nagtatabernakulo sa mga bagong tipang tagapaghain, nililiyliman sila sa kanilang mga kahinaan upang maging kanilang pinaninirahang lugar upang alalayan, suportahan, panatilihin, protektahan, at ingatan sila—12:9b.
8. Kailangan natin ang biyaya ng Diyos sa loob ni Kristo na maiaplay sa atin bilang kalakasan at kapangyarihan para sa ating pagkilos at proteksyon—Ezek. 1:6b, 9a; Exo. 19:4; Isa. 40:31; 2 Cor. 4:7; 1:12; 12:9; 1 Cor. 15:10; Awit 17:8; 57:1; 63:7; 91:4.
9. Naghahari tayo sa buhay sa pamamagitan ng pagtanggap ng kasaganaan ng biyaya—Roma 5:17.
10. Kailangan tayong maging mabubuting katiwala ng iba't ibang biyaya ng Diyos—1 Ped. 4:10; Efe. 3:2.
11. Ang ating salita ay dapat maghatid ng biyaya sa mga nakikinig—Luc. 4:22; Efe. 4:29; Isa. 50:4.
12. Kailangan nating tamasahin ang biyaya ng buhay sa buhay-ekklesia upang mapanatili ang ating sarili sa tunay na kaisahan—Awit 133.
13. Sa buhay-ekklesia, kapag mayroon tayong biyaya sa ibabaw natin, ang ekklesia ay maitatayo, at ang biyaya na ating natanggap ay makikita—Gawa 4:33; 11:23.
14. Ang produkto ng biyaya sa ekonomiya ng Diyos ay ang Katawan ni Kristo bilang tula ng Diyos, naghahayag ng walang hangganang karunungan at dibinong disenyo ng Diyos—Efe. 2:10, 7; 2 Cor. 5:17.
15. Ang biyaya ng Panginoong Hesus na ipinamahagi sa Kanyang mga mananampalataya sa buong bagong tipang kapanahunan ay mapapasukdol sa Bagong Herusalem, kung saan ang naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos ay magiging ang biyaya na tinatamasa ng mga mananampalataya sa kawalang-hanggan—Apoc. 22:21; cf. 21:23; 22:1-2.

**II. Upang mabuoan bilang mga tagapaghain ng bagong tipan para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo, kailangan nating maranasan ang lahat ng aspekto ni Kristo bilang nagpapaloob ng lahat na Espiritu sa 2 Corinto:**

A. Ang nagpapahid na Espiritu ay ang naninirahan sa loob, timpladang Espiritu na kumikilos at gumagawa sa loob natin upang ipamahagi ang lahat ng dibinong sangkap at bumubuong sangkap ng Diyos tungo sa atin—1:21; Fil. 1:19; Exo. 30:23-25; Roma 10:12-13:

Mensahe Anim (pagpapatuloy)

1. Ang pag-abot ng pagpapahid ay nagsasakatuparan ng sentrong layunin ng pagliligtas ng Diyos na ipahid ang timpladang Diyos tungo sa atin upang tayo ay maipagkaisa, maisama, at mailakip sa Kanya—1 Cor. 15:45b; 1 Juan 2:20, 27.
2. Ang pagtuturo ng pagpapahid ay ang panloob na damdamin na nalikha sa pamamagitan ng pagkilos ng Espiritu sa loob natin, binibigyang-kakayahan tayong malaman ang kaisipan ng Diyos at mabuhay sa Kanya, tinuturuan tayo ng mga bagay hinggil sa Tres-unong Diyos at Kanyang mga gawain—b. 27; Gawa 16:6-7.

B. Binubuo ng nagtatatak na Espiritu ang mga dibinong elemento tungo sa isang bakas upang ihayag ang larawan ng Diyos—2 Cor. 1:22; Efe. 1:13:
1. Patuloy na tinitigmakan ng nagtatatak na Espiritu ang mga mananampalataya hanggang sa pagtutubos ng kanilang katawan—4:30.
2. Tinatransporma ng nagtatatak na Espiritu ang mga mananampalataya tungo sa isang kayamanan sa Diyos bilang Kanyang mana—1:11.
3. Lalo tayong natatatakan, lalo nating tinataglay ang larawan ng Diyos upang mabuoang maging obra maestra ng Diyos—2 Cor. 3:18b; Efe. 2:10.

C. Binibigyan tayo ng nagpeprendang Espiritu ng patikim bilang isang sampol at garantiya ng ganap na karanasan sa Diyos—2 Cor. 1:22; 5:5:
1. Ginagarantiya ng pagpeprenda ng Espiritu na ang Diyos ay ang ating mana—Efe. 1:14.
2. Si Kristo bilang ang nagpeprendang Espiritu ay nasa loob natin para sa ating karanasan, para sa ating pagtatamasa sa Kanya bilang ating dibinong mana, ang ating nakalaang bahagi, sa pamamagitan ng pag-eensayo ng ating espiritu—Awit 34:8; 1 Ped. 2:3; Col. 1:12.

D. Isinusulat ng nagsusulat na Espiritu si Kristo tungo sa atin upang gawin tayong mga buháy na liham ni Kristo—2 Cor. 3:3; cf. Awit 45:1:
1. Si Kristo ay naisusulat tungo sa atin gamit ang espiritwal na tinta, ang Espritu ng Diyos na buháy; kung tayo ay nasa ilalim ng pagsusulat ng Espiritu, mayroon tayong malalim na pandama ng pagiging buháy sa loob.
2. Ang Espiritu ay ang tinta, at ang nilalaman ng tinta ay si Kristo kasama ang Kanyang persona, gawa, at mga naabot; ang timpladang Espiritu bilang timpladang tinta ay nagdaragdag ng substansiya ni Kristo tungo sa atin at tinitigmakan tayo ng esensiya ni Kristo.

E. Ang Espiritung nagbibigay-buhay, ang nagpapasiglang Espiritu, ay namamahagi ng dibinong buhay tungo sa ating katauhan upang gawin tayong mga tao ng buhay na may ministeryo ng buhay—2 Cor. 3:6, 17; Juan 7:38:
1. Kapag pinag-aralan at binasa natin ang Biblia nang mapanalanginin na may pag-eensayo ng ating espiritu, tayo ay napasisigla—2 Cor. 3:6; Juan 6:63.
2. Upang maging isa na makapagbibigay ng buhay sa iba, kailangan tayong manahan sa dibinong buhay at kailangang lumakad, mabuhay, at igawi ang ating katauhan sa dibinong buhay—1 Juan 5:16a.

F. Ang nagmiministeryong Espiritu ay namamahagi ng lahat ng kung ano si Kristo tungo sa atin at ginagawang tunay sa atin ang lahat ng kung ano at mayroon si Kristo—2 Cor. 3:8; Juan 16:13-15:

1. Maaari nating matanggap ang panustos ng nagmiministeryong Espiritu sa pamamagitan ng pag-eensayo ng ating espiritu na manalangin at tumawag sa Panginoon—Gal. 3:5a; Col. 4:2; Roma 10:12-13.
2. Ang nagmiministeryong Espiritu ay naghahain ng Kristo tungo sa atin at naghahain ng Kristo sa iba sa pamamagitan natin—2 Cor. 3:6; cf. Fil. 1:25.

G. Pinalalaya tayo ng nagpapalayang Espiritu mula sa panggagapos ng titik ng kautusan; ang Espiritu ng Panginoon ay ang Panginoon Mismo, kung kanino may kalayaan—2 Cor. 3:17; 4:5; Gal. 2:4; 5:1:

1. Kabilang sa pagpapalayang ito ang ganap na kasiyahan, na may mayaman, sumusuportang panustos at ang ganap na pagtatamasa kay Kristo—Juan 4:14b.
2. Kabilang sa pagpapalayang ito ang pagtatamasa sa tunay na kapahingahan, nang hindi napasasailalim sa mabigat na pasaning tuparin ang kautusan—Mat. 11:28-30.

H. Ipinamamahagi ng nagtatranspormang Espiritu ang dibinong buhay, kalikasan, esensiya, elemento—maging ang Dibinong Diyos—tungo sa atin nang sa gayon ay metaboliko tayong mabago sa ating panloob na katauhan—2 Cor. 3:18:

1. Kapag ibinaling natin ang ating puso sa Panginoon upang tingnan at ibalik-sinag ang kaluwalhatian ng Panginoon na walang talukbong ang mukha, nilalalinan Niya tayo ng mga elemento ng kung ano Siya at ano ang Kanyang nagawa.
2. Kaya, tayo ay metabolikong natatransporma mula sa isang antas ng kaluwalhatian hanggang sa isa pang antas ng kaluwalhatian upang mataglay ang Kanyang hubog ng buhay sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan ng buhay kalakip ang Kanyang esensiya ng buhay.

I. Inihahatid ng naghahatid na Espiritu ang lahat ng kung ano si Kristo kasama ang lahat ng kayamanan ng Diyos tungo sa atin para sa ating pakikilahok—13:14:

1. Ang Diyos ay pag-ibig, at ang pag-ibig na ito ay inihahatid bilang biyaya tungo sa atin ng Espiritu, na siyang Tagahatid.
2. Ang Espiritu ay ang salamuha, ang pakikipag-ugnayan, ang sirkulasyon, ang paghahatid ng biyaya ni Kristo kasama ang pag-ibig ng Ama, inihahatid ang dibinong kayamanan tungo sa ating katauhan para sa ating katamasahan.

*© 2024 Living Stream Ministry*